

Salaysay ni Gg. Jonathan B. delos Reyes

Jonathan B. delos Reyes, 40 taong gulang, may asawa, apat na anak, naninirahan sa Mariveles, Bataan, dating guro, at sa kasalukuyan ay nangangasiwa ng bagsakan at trading ng isda na tinatawag na consignasyon.

(Ang Salaysay ni Gg. Jonathan B. delos Reyes ay kinuha noong ika-4 ng Mayo 2018 sa opisina ng Greenpeace Southeast Asia-Philippines na matatagpuan sa Room 201 JGS Building, 30 Scout Tuazon Street, Barangay Laging Handa, Quezon City. Ang Salaysay ay kinuha nila Attys. Zelda DT. Soriano at Hasminah D. Paudac, kasama si Bb. Veronica Cabe, isa sa mga naghain ng Petisyon.)

Q1: Alam po ba ninyo kung bakit kayo naririto?

A1: Nasabi po sa akin ni Derek (buong pangalan ay Bb. Veronica Cabe) ang tungkol sa kanilang human rights at climate change petition. Inimbitahan po niya ako at ako ay pumayag na ibahagi ang aking karanasan bilang maliit na negosyante at kung paano posibleng naaapektuhan ng climate change ang aming maliit na consignasyon.

Q2: Pakipaliwanag n'yo nga po muna kung ano ang consignasyon...

A2: Iyan po ang karaniwang sistema ng trading ng isda. Ang negosyante (broker) na nangangasiwa ng bagsakan ng isda (trading post) ay nagpapautang sa mangingisda at ang mga nagkakautang na mangingisda ay may obligasyong magbagsak ng kanilang huling isda sa pinagkakautangan negosyante. Sa negosyante bumubulong ng bid ang mga nais pumakyaw o mamili ng isda. Sekretong bidding ito para makuha ang best prices para sa isda. Kumikita ang katulad ko pong nangangasiwa ng bagsakan sa pamamagitan ng pagkuha ng komisyon mula sa mga bentahang nagaganap sa bagsakan.

Q3: Gaano katagal na po kayong nangangasiwa ng consignasyon?

A3: Mula pa po noong bandang 2003. Ang tatay ko po ang dating nagmamamane ng consignasyon. Ipinagpatuloy ko lamang po ang kanyang negosyo.

Q4: Balik po tayo sa kung bakit kayo narito . . . pamilyar po kayo sa nasabi ninyong climate change?

A4: Ayon lamang po sa nasusubaybayan ko sa mga balita at talakayan sa mga programa sa telebisyon at radyo, at sa sariling karanasan na rin po... malaki na po ang ipinagbago ng klima...

Q5: Bakit n'yo po nasabing malaki na ang ipinagbago ng klima?

A5: Napakatindi na po ng init. Noon, tinatalon at nilalangoy naming mga bata ang Santol River. Ngayon, ang Santol River ay putik at burak na lang. Noon, natutulog kami sa tanghali kasi presko naman. Ngayon, hindi kami makatulog sa sobrang init. Noon din, naliligo kami sa Mattel Beach at walang problema. Sa ngayon, kapag naligo sa Mattel Beach, nangangati ang balat namin.

Hindi na rin masabi sa ngayon kung tag-anong panahon. Dati, ang Marso hanggang Mayo, tag-init. Ang Hunyo hanggang Disyembre, tag-ulan. Sa ngayon, may minsang late na pumapasok ang tag-init o maulan ang dapat sana'y tag-init. At may mga tag-ulan na walang ulan...

Matindi ang epekto po sa pangingsda at sa consignasyon kung hindi na ma-predict kahit papaano ang panahon...

Q6: Ano ang matinding epektong iyon sa pangingsda?

A6: Noon, medyo *consistent* pa na kapag panahon ng amihan, panahon talaga ng amihan. Kapag panahon ng amihan, halos *predictable* kung anu-anong isda ang nahuhuli at gaano karaming isda ang nahuhuli... Halimbawa, pangkaraniwang nahuhuli ay *espada*, *pindangga*, *pusit*, *indong*, *malabanos*... at madalas sinasalok lang namin ang pusit... napakaraming huli at napakadaling mangisda gamit lang ay kawil (hook and line). Bawat klase ng isda, mga 15 hanggang 20 kilos ang nahuhuli mula sa pagkakawil at nabibili iyon ng P80 hanggang P100 kada kilo. Sapat na ang dating kinikita ng mag-iisda para mabuhay ang pamilya nang kahit papaano ay maayos at nakakapagpaaral ang mga anak at nakakapagtabi pa ng konting ipon.

Sa ngayon, volume ng huli ang malaking nagbago. Malaki na ang iniliit na kabuuhang pang-araw-araw na bagsak ng isda sa aming consignasyon. Tsamba tsamba na ang huli...

Nagbago na ang hangin, minsan maigsi ang tag-amihan...

Q7: Kapag sinasabi n'yo po na 'noon', kailang po 'yung noon?

A7: Mga 10 *years ago*...

Q8: Matatantya n'yo po ba kung gaano kaliit ang iniliit ng volume ng ibinabagsak na isda sa inyong consignasyon?

A8: Baka 50% or higit pa ang nabawas po sa volume ng huli.

Q9: Bukod pa po sa nagbagong volume ng ibinabagsak na isda, may iba pa kayong napansing pagbabago?

A9: Dati pumapalaot ang mangingsda bandang ala una ng umaga at nakakabalik sa pampang, dala ang marami at sari-saring huli, mga bandang alas 6 o alas 7 ng umaga. Sa ngayon, may mga bagsak na tanghali na kasi walang isdang mahuli. Mas matagal na ang pangingsda pero mas kaunti ang huli.

Dati, hindi pa kalayuan, marami nang makakawil. Sa ngayon, napakalayo na nang hayon, wala pang makuhang isda. Iyong iba na ayaw umuwi nang walang dala, pumapalaot pa nang malayo sa South China Sea at inaabot ng dalawa o ilang araw para lang makakuha ng isda. Mas mahirap at mas mapanganib...

At minsan din kahit matagal o malayo ang pangingsda, wala talagang mahuling isda... para bang lumalayo ang isda kasi sobrang init at

marumi na ang tubig na malapit pa sa pampang... lumalangoy siguro sila papalayo...

May ilang beses naman, ang mga binabagsak na isda ay nasasayang. Walang bumibili. Kung mabili man, binabarat ang presyo. Ganyan kapag red tide.

Q10: Malaki rin pong problema ang dulot ng red tide sa inyong negosyo?

A10: Malaki at madalas. Dati, paminsan-minsan lang ang paglitaw ng red tide sa Bataan. Sa ngayon, parang pangkaraniwan na ang red tide.

Q11: Nasabi n'yo rin kanina na dati rati'y predictable kung anu-anong klase ng isda ang nahuhuli... mayroon bang nahuhuling isda na hindi predicted?

A11: May mga isda pong nahuhuli na hindi kilala ng mga mangingisda. Hindi po kami sigurado kung nakakain... at kung bakit sila napapasama sa nahuhuli...

Q12: Ang mga epektong sinasabi ninyo ay dulot lahat ng climate change?

A12: Marami at iba't-iba po ang dahilan kung bakit po nararanasan namin ang mga nasabi kong problema. Minsan po ang pagliit ng huli ay may kinalaman din sa liwanag ng buwan o kung malabo ang tubig dahil sa baha o polusyon o kung may red tide o kaya ay dahil hindi na nakakalaki at nakakapagparami ang mga isda dahil sa paggamit ng dinamita at iba pang mapangwasak na paraan ng pangisingisda. Siguro isa lamang po ang climate change sa mga dahilan.

Q13: Nang lumiit ang volume ng isda na ibinabagsak sa inyong consignasyon, ano ang epekto sa kita ng inyong negosyo?

A13: Syempre po, malaki ang iniliit ng kita. Wala na kaming ipon. Budgeted na ang lahat ng gastos, at may mga pagkakataong nagigipit talaga lalo pa at naka-maintenance medicine po ako.

Dahil lumiit ang huli, syempre lumalapit po sa amin sa consignasyon ang mga mangingisda para mangutang ng kapital pagpalaot. Syempre kailangan nila ng pagkain, krudo para sa bangka at mga gamit sa pangisingisda at perang iiwanan sa pamilya. Ang nakatayang pambayad ay yung huli nilang isda. Kapag kaunti ang huli, kulang pa ang buong kinita nila na pang panggastos sa pansarili at pampamilya kaya wala na silang pambayad-utang sa consignasyon. Lugi kami, lugi ang lahat. Baon sa utang ang iba, at marami na ang tumigil sa pangisingisda.

Q14: Gaano karami yung 'marami' na tumigil na sa pangisingisda?

A14: Naku e dati 400 daan o higit pa ang miyembro ng consignasyon noong panahon na tatay ko. Tapos naging mga 300, 200, 100... at baka wala na po sa 50 mangingisda ang nagbabagsak sa ngayon sa aming consignasyon.

Kasabay na nagbago sa panahon ay ang kultura po sa aming lugar. Marami na ang umayaw sa pangisingisda... at ang iba na nagpatuloy ay

nauwi sa paggamit ng dinamita at mga paraan ng pangingsda na walang pagmamalasakit sa dagat at kalikasan.

Q15: Mayroon pa po ba kayong nais sabihin bukod sa inyong nasabi na?

A15: E maihinga ko na rin po ng sama ng loob ang iba pang problema tulad ng pollution na dulot ng coal plant sa aming lugar. Naaapektuhan po ang aming kalusugan, kapaligiran at kabuhayan. Sana'y matulungan po kami ninyo at ng pamahalaan na masolusyunan ang problema namin sa coal power plant. Sa kaso pong ito na iniimbistagahan ng CHR, ipinapakita kung paano ang buong mundo ay naapektuhan ng mga dambuhalang kumpanya ng coal at petrolyo. Sana matuto na po ang Pilipinas at huwag nang sundan pa ang klase ng ekonomiya na pinatatakbo ng maruming enerhiya. Huwag din po sanang payagan ng gobyerno natin ang mga coal plant sa loob naman ng ating bansa.

Q16: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?

A16: Opo.

Jonathan B. delos Reyes

15 Mayo 2018